# Ang Sukli ni Yuno



**Mga Letra: a, b, e, g, i, k, l, m, n, o, p, s, t, u, y**


Isinulat ni Rose Ann A. Manalo

Iginuhit ni Karlo R. Español

Sinuri nina Esperanza A. Badong, Annie M. Dado,
Jillianne C. Elnar, Cheryl E. Lique,
Leonisa N. Ramos, at Genny P. Solares



Magluluto ng tinola ang nanay
ni Yuno.
Pinabili niya ng patis si Yuno.



Lumabas si Yuno at bumili
ng patis.
“Pabili po ng patis,” ang sabi ni
Yuno.



Iniabot niya ang bente pesos sa bantay. Ibinigay ng bantay ang patis at sukli.



“Labis po ang sukli,”
sabi ni Yuno.
“Salamat, Yuno, napakabuti
mo,” sagot ng bantay.



Tumakbo si Yuno pabalik
sa kanila. Bitbit niya ang bote
ng patis.



Iniabot ni Yuno ang patis
sa nanay.



"Labis ang sukli, Nanay. Ibinalik ko po iyon," sabi ni Yuno.



“Tama ang ipinakita mo,”
sabi ni Nanay.
Nagalak ang nanay sa katapatan
ng anak.

**Mga Tanong at Gawain**

1. Sino-sino ang tauhan sa kuwentong binasa?
2. Ano ang pinabili ni Nanay kay Yuno?
3. Bakit nagpasalamat ang bantay kay Yuno?
4. Kung ikaw si Yuno, gagawin mo rin ba ang kaniyang ginawa? Bakit?
5. Bakit nagalak ang nanay ni Yuno sa kaniyang ginawa?
6. Anong aral ang natutuhan mo sa kuwento?